11th Story

# Lazarus

Lazarus

# Lazarus

- 11th Story -





| | |
|---|---|
| Narrator | May isang lalaki na nagngangalang Lazaro na mayroong dalawang kapatid na sina Maria at Marta. Mahal na mahal sila ni Hesus at nasisiyahan na gumugol ng oras sa kanila tuwing siya ay nasa kanilang bayan. Isang araw, habang kasama ng kanyang mga alagad, alam ni Jesus na nagkasakit si Lazaro. |
| Jesus | May sakit si Lazaro. Sa Makalawa, pupunta tayo sa tirahan niya. Natutulog siya, ngunit pupunta ako upang magising ko siya. |
| Thomas | Ngunit Panginoon, kung siya ay natutulog lamang, kaya niyang magising mag-isa.. |
| Disciples | Oo, tama |
| Jesus | Mga Kaibigan. sa totoo lang kapag sinasabi kong 'natutulog siya', ibig kong sabihin ay patay na si Lazaro. |
| Disciples | Ano? Oh~ |
| Narrator | Dumating ang araw na pupunta si Hesus at ang kanyang mga alagad kung saan nakatira si Lazaro. Nang makarating sila doon, nalaman nilang namatay si Lazaro at nasa libingan na ng apat na araw! Narinig ni Marta na darating si Hesus, Kaya't lumabas siya upang salubungin ito. Nang makita niya ito, lumapit siya sa kanya at sinabi ... |
| Martha | Panginoon ko, kung ikaw lamang ay naririto, hindi mamatay ang aking kapatid. Ngunit alam ko kahit anuman ang hilingin mo sa Diyos, ibibigay niya sa iyo. |
| Jesus | Marta, babangon muli ang iyong kapatid. |
| Martha | Alam ko aking Panginoon. Sa huling araw ng muling pagkabuhay ay muling babangon siya. |
| Jesus | Ako ang muling pagkabuhay at ang buhay. Ang sumasampalataya sa akin, kahit namatay na ay mabubuhay. At ang sinumang nabubuhay at naniniwala sa akin ay hindi mamamatay kailanman. Naniniwala ka ba, Marta? |
| Martha | Opo, Panginoon, naniniwala ako na ikaw ang Cristo, ang Anak ng Diyos! |
| Mary | Oh Panginoon, kung ikaw lamang ay dumating nang mas maaga. Alam kong mabubuhay si Lazaro! |



| | |
|---|---|
| Narrator | Nang makita ni Hesus na parehong umiiyak sina Maria at Marta, siya ay nalumbay sa labis na kalungkutan para sa kanila at umiyak din. Pagkatapos ay tinanong sila ni Hesus kung saan inilibing si Lazaro. |
| Jesus | Nasaan siya? |
| Martha | Halika at tignan mo Panginoon |
| Narrator | Nang makarating sila sa libingan ni Lazaro, sinabi ni Hesus sa mga kasama ni Maria at Marta na alisin ang bato sa harap ng libingan. |
| Martha | Panginoon, sa oras na ito ay may masamang amoy na ito. Nasa loob na siya ng maraming araw. |
| Jesus | Marta, hindi ba't sinabi ko sa iyo na kung naniniwala ka sa akin, makikita mo ang kaluwalhatian ng Diyos! Sige, alisin na ang bato. |
| Jesus | Mahal na Ama, pinapasalamatan kita na lagi mong dinidinig ang aking panalangin. Tumatawag ako sa iyo ngayon upang ang mga nagtitipon-tipon dito ay malaman na ikaw ang nagpadala sa akin dito. Ngayon, handa na. |
| Disciples, Martha, Mary | Opo! |
| Jesus | Lazarus! Lumabas ka! |
| Narrator | Si Lazaro ay isang patay na tao. Nasa libingan siya ng apat na araw na nang dumating si Hesus. Si Hesus ay lumakad hanggang sa libingan, at may awtoridad, tinawag niya ang pangalan ni Lazaro… .at lumabas siya nang naglalakad! Nak-abalot ng mga bendahe mula ulo hanggang paa, naglalakad palabas si lazaro mula sa kanyang libingan! |
| Disciples, Martha, Mary | <gasp> Wow! Nakakamangha! |
| Jesus | Tulungan niyo siya! Alisin ang mga nakabalot sakanya |
| Lazarus | Aking Panginoon! Hesus! |
| Jesus | Kumusta Lazaro! |
| Lazarus | Maria! Martha! |
| Martha, Mary | Lazaro! Salamat aming Panginoon! Hesus! Salamat! |
| Narrator | Nang makita ito ng mga alagad, lalo silang namangha at naniwala pa lalo na si Hesus ay tunay na Cristo at Anak ng Diyos. Ang ilan sa mga taong kasama ni Maria at Marta ay naniwala rin at mula sa oras na iyon, nagsimulang sumam-palatay kay Hesus, ngunit ang iba ay nagpunta at sinabi sa mga pariseo ang ginawa ni Hesus. |




| | |
|---|---|
| Narrator | Nang marinig ng mga Fariseo na gumawa si Hesus ng isa pang himala, lalo silang nagalit sa kanya, at nag pulong kasama ang lahat ng mga pinuno. |
| Pharisee 1 | Ano ang dapat nating gawin sa Hesus na ito? Napapagod na ako sa pakikinig ng mga ginagawa niya! |
| Pharisee 2 | Narinig ko ang mga tao na nagsabing nagpapakain siya ng higit sa limang libong  tao sa isang araw lamang! |
| Pharisee 3 | Narinig ko rin na naglakad siya sa tubig |
| Pharisee 4 | Narinig ko rin na kinausap niya ang mga masasamang espiri-tu |
| Pharisee 1 | At pinapagaling niya ang maysakit, binuhay niya ang mga patay, pinapagaling ang mga bulag, at nakaririnig ang mga bingi…. Lahat ay minamahal  siya! Kung patuloy nating ha-hayaan na gawin ito, lahat ay maniniwala sa kanya. |
| Pharisee 3 | Pagkatapos darating ang mga Romano! |
| Pharisee 4 | Pagkatapos ay sasakupin nila ang ating mga bansa! |
| Narrator | Habang pinag-uusapan ng mga Fariseo kung ano ang gagawin tungkol kay Hesus, ang isa sa kanila ay tumayo upang magsalita. Ang kanyang pangalan ay Caifas, at siya ang mataas na sa serdote. |
| Caiaphas | Hindi! Lahat kayo walang alam! Hindi ba nakikita kung ano ang dapat nating gawin? Mas mabuti para sa isang taong ito na mamatay kaysa sa ating buong bansa na masira. |
| Pharisee | Tama! Magandang Ideya yan! |
| Narrator | Kaya't mula sa araw na iyon, ang mga Pariseo ay nagplano upang patayin si Hesus. |

" Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ako ang pagkabuhay na maguli, at ang kabuhayan: ang sumasampalataya sa akin, bagama't siya'y mamatay, gayon ma'y mabubuhay siya, At ang sino-mang nabubuhay at sumasampalataya sa akin ay hindi mamamatay magpakailan man. Sinasampalatayanan mo baga ito?" Juan 11:25-26